

1

“Friend, di ba, si Jessie iyon?”

Nagsalubong ang mga kilay ni Sheena nang makitang ang anak nga niya ang tinutumbok ng nguso ni Angie. May ka-date pa itong lalaki habang suot pa ng mga ito ang kani-kanilang school uniforms. Sa tingin niya ay hindi nagkakalayo ang edad ng mga ito.

Nasa mall sila ng assistant niyang si Angie para mamili ng mga karagdagang materyales para sa dine-design nilang hotel. May design firm kasi si Sheena.

Nang makaramdam ng gutom ay naisipan nilang magmerienda sa isang noodle house na nasa loob din ng mall na kinaroroonan nila. At nasorpresa siya sa nakita. Ni sa hinagap ay hindi niya inasahan na maaari niyang makita roon ang anak na may ka-date pa.

Tiningnan niya ang kanyang relo. Alas diez y media pa lang ng umaga.

“Ano’ng ginagawa ng mga ito dito sa oras ng klase?” nanggigigil na tanong niya kay Angie.

Tumikwas ang pang-itaas na labi ng kaibigan. “Friend, ang puso mo at ang wrinkles. Sayang ang *Olay*.”

Inirapan niya ito pagkatapos ay muling ibinalik ang tingin sa kinaroroonan ng anak. Masayang-masaya ito habang katitigan ang lalaki. Ni hindi man lang nito napansin ang kanilang presensya.

“Huwag mong sabihin na boyfriend niya ito, Friend. Mamamatay ako. Mamamatay ako, ora mismo!”

Tinapunan siya nito ng tingin na tila ba suyang-suya ito sa sinabi niya. “Ang OA mo na, promise! Di mo ba naisip na nagmana lang sa iyo ang anak mo na maagang lumandi, ano ba!” Ganoon talaga magbiro si Angie, masakit.

Naramdaman niyang namula pa rin ang mukha niya sa biro nito. “Hoy, maaga lang akong na-in love, ano? Iba iyon sa sinabi mo,” agad na protesta niya sabay kurot sa tagiliran nito.

“Sus, eh, gan’un din iyon. Pagandahin pa raw ba? Twenty-nine years old ka pa lang ngayon at magkakatorse na si Jessie. Ibig sabihin, fifteen ka lang n’ung ipanganak mo siya. ”Tapos ngayon, kung makaarte ka, akala mo naman ay di mo pinaggagawa

ang mga ganyan noon. Try mo kayang umayos, Friend!” Itinirik nito ang mga mata.

Natigilan siya at nagkatitigan sila. “Favorite subject mo ba talaga ang Math? I hate you!” inis na sabi niya. Tama kasi ang computation ni Angie. Pinagdaanan na nga niya ang sitwasyong kinaroroonan ngayon ng kanyang anak kaya dapat lang na maintindihan niya ito ngayon. Pero bakit nagpuputok ang butsi niya at tumataas ang presyon niya sa nakikita?

Magkakatorse pa nga lang sa susunod na buwan ang kanyang anak. Bine-baby pa nga ito, lalo pa at nag-iisang anak ito.

Single mom siya kaya kay Jessie na umikot ang buong buhay niya sa loob ng labing apat na taon. Ito na rin ang naging inspirasyon niya upang pagbutihin lahat ng ginagawa niya sa buhay. Jessie *is* her life.

Kaya rin nadidismaya siyang makita ngayon ang anak na nasa murang edad pa lang ay ito na ang inaatupag, imbis sana ang pag-aaral nito. “Mabigat ang dibdib ko, Friend.”

Tinawanan lang siya nito. “Cup C ang breasts mo kaya huwag mo nang pagtakahan kung bakit mabigat iyan. Mabuti pa, halika at lapitan natin sila.” Hinila

nito ang kamay niya. Dahan-dahan silang naupo sa gawing likuran ng pareha.

Hindi sila napansin ng mga ito dahil abala sa pag-uusap at pagtititigan. Sinenyasan siya ni Angie na huwag mag-ingay para marinig nila ang pinag-uusapan ng dalawa.

“Alam mo, Jessie, para kang bangin,” narinig nilang sabi ng binatilyo sa anak niya.

Sinenyasan siya ni Angie na manahimik para marinig nila ang susunod na sasabihin nito.

“Ako, bangin? Bakit naman?” Narinig nilang napahagikgik ang dalagita.

“Kasi nahuhulog na ako sa iyo,” sagot ng lalaki kasabay ng malagkit pa sa kalamay na titig.

Napanganga si Sheena at napailing.

“Ay, ang sweet mo naman.” Kilig na kilig ang hitsura ni Jessie.

“Ako, ano naman ako sa tingin mo?” anang *jologs* na lalaki.

“Pinikpikan!” hindi na makatiis na sabat ni Sheena. “Because I’m gonna skin you alive, young man, kung ipinagpatuloy mo ang pambobola sa anak

ko!”

Napatayo bigla si Jessie nang makita ang ina. Nagkandasamid ito sa ininom na softdrink.

“Mom?” namumutlang sabi nito, nanginig ang katawan sa takot.

Ang lalaki ay mas maputla pa kay Jessie nang malaman kung sino siya. Mabilis itong tumayo at nagbigay-galang. “Good morning po, Ma’am.” Nagbow pa ito.

Lalong uminit ang ulo niya. “Anak ba kita? Why are calling me ‘Mom’?”

Nagawa nitong magsalita sa kabila ng obvious na takot. “Ma’am’ po as in madam, Ma’am.”

“Oh!” aniya. “Maputla ka, Hijo. I think you need to take some iron supplement. Mag-vitamins ka!” gigil na pang-ookray niya rito.

Napayuko lamang ang binatilyo.

“Mom, will you please stop that. You’re starting to get annoying,” awat naman ni Jessie.

Pinandilatan niya ito. “Shut up, Jessie. I’m not talking to you. I am talking to your friend.”

“No, Mom, you’re not talking to him. You’re

teasing him and making fun of him. What do you think you're doing?" Puno ng iritasyon ang boses ng anak.

"What am I doing? I should be the one asking you that question, Sweetie. Ano'ng ginagawa mo dito sa oras ng klase?" Mahina pero may gigil ang tinig niya.

"We were dismissed early today kasi may meeting ang mga teachers. Nagmi-merienda lang kami and I don't see anything wrong with that."

"Hey, guys, umupo kaya tayo. Mag-usap kayo nang maayos," awat ni Angie sa kanilang mag-ina. May mga customers na kasi na nakakapansin sa tension sa table nila.

Umiinit ang ulo niya sa anak dahil hindi man lang ito marunong pumili ng makaka-date. Ano ba ang nakita nito sa lalaki at kung ipagtanggol nito ay parang *Hollywood* actor ito sa kaguwapuhan.

Naupo sila. Ang lalaki ay parang tinuktukang kuhol; hindi makatingin sa kanya nang derecho.

"Saan ba kayo nagkakilala nito?" baling niya sa anak.

"His name is Mac, Mom," sagot ni Jessie; magkasalubong ang mga kilay at nagbabaga ang

tingin sa kanya.

“Ah, Mac ba? Saan nga kayo nagkakilala ni Mac?” Sinikap niyang ngumiti, pero mukhang sumablay dahil nakita niyang napangiti nang patago si Angie.

Bigla niyang naintindihan ngayon ang kanyang mga magulang nang magalit ang mga ito noon sa kanya nang makipagrelasyon siya sa ama ni Jessie. Halos ganito rin kasi ang edad niya noon. Matagal pa naman siyang nagtanim ng galit sa mga magulang dahil pinilit siyang ihiwalay sa nobyo niya noon. Sukat ngayon ay bigla siyang naka-relate sa mga ito. Ganito pala iyon? Nakakainit pala talaga ng ulo.

“Sa Internet, Mom. This is our first time to meet in person. It just happened that he was around the area when I bought something for my school project, so we decided to meet here.”

Napanganga sila ni Angie at nagkatinginan.

Dumagundong ang dibdib niya. Nakilala ng anak niya ang lalaking ito sa Internet at ngayon ay parang enjoy na enjoy na ang mga ito sa pagde-date? “Magsyota na ba kayo?” naalala niyang itanong.

“Magkaibigan lang naman po kami, Ma’am,” mabilis na sagot ng lalaki sa nanginginig na tinig.

“Stop calling me ‘ma’am!’” pabulyaw na saway niya rito. Sa pandinig kasi niya, ‘mom’ iyon at kinikilabutan roon. Parang pilit pumapasok sa isip niya na anytime ay magkakamanugang na siya at magkakaapo. *Susmaryosep, I don’t wanna be a grandma at twenty-nine!*

“Sorry po, Misis,” natatarantang hingi ng dispensa ng binatilyo.

Nanlaki ang mga mata niya. Bumuka ang bibig niya pero wala siyang maisip na sabihin.

It’s official. I hate this boy.

“Hala ka, tinawag mo siyang misis, eh, single mom iyan.” Tiningnan ni Angie si Mac na para bang bigla na lang itong sasabog sa pagpipigil ng tawa.

Nakita niyang namutla lalo ang binatilyo. Halatang takot na takot ito sa sinabi ng kaibigan niya. Lalo pa’t nagsalubong ang kanyang mga kilay.

Ayaw na niyang pagtagalin pa ang usapan. “Listen, Mac, my daughter is only fourteen and not yet ready to date anyone. Aba’y baby pa ito.”

“Mom!” Nanlalaki ang mga mata ni Jessie.

“I’m just telling the truth. Ni hindi ka pa nga marunong magtimpla ng sarili mong gatas.”

“Stop that, Mom!” Nanginginig na sa galit ang kanyang anak. Halatang pikon na pikon na ito sa mga sinasabi niya.

Dinedma niya lang ito, sa halip ay hinarap si Mac. “Can I ask you a favor?”

Nakita niyang namula ang pisngi ng binatilyo. Marahil ay inaasahan na nito kung ano ang favor na hihingin niya.

“Can you stop seeing her? Bata pa kayo at ang dapat n’yong pagtuunan ngayon ng pansin ay ang pag-aaral n’yo. Ayoko na sanang mauulit pa ito, ha?”

Nadismaya si Jessie sa narinig. “Mom! Why are you doing this to us?” Matalim ang tingin nito sa kanya.

Tumayo na siya at hinawakan ang kamay ng anak. “This is for your own good, trust me. Come on, Sweetie, let’s go home.” Hinila niya ang kamay ng anak na tila ayaw pang tumayo. Inaya na rin niya si Angie na mabilis namang sumunod.

Jessie gave Mac an apologetic look. “I’m sorry. I’m really sorry.” Pumatak ang luha nito dahil sa sama ng loob.

Tumango lamang ang binatilyo na halatang

nadismaya sa nangyari.

Nasa harap ng manibela si Sheena at nasa passenger seat si Jessie. Si Angie na lang ang nag-asikaso sa mga pinamili nilang materyales. Kailangan niyang makausap ang anak. Walang imikan habang sila ay nasa sasakyan. Naririnig niya lang ang pagsinghot at paghikbi ng dalagita.

Hindi siya nagsalita ng kahit ano. Masikip ang dibdib niya at kinakapos siya ng oxygen sa baga. Hindi niya maubos maisip na nakipag-eyeball ang anak sa isang ka-chat sa Internet. At sa nakita niyang hitsura ng lalaking iyon ay mukhang walang gagawing mabuti sa anak niya. Kailan pa may gagawing matino ang lalaking nakatiwarik ang buhok na parang syokoy? Mukha pa itong playboy.

Ang anak naman niya ay paniwalang-paniwala sa mga pambobola ng lalaking iyon at hindi man lang nakita ang flaws ng lalaki.

Kailangan niya talagang makausap ito nang masinsinan.

2

Napasukan ni Sheena na nakaupo si Jessie sa kama. Magkasalubong ang dalawang kilay nito at napakatalim ng titig sa kanya.

“Bakit parang ikaw pa ang galit sa akin ngayon?” nakapamaywang na sabi niya habang nakatayo sa harap nito.

“And what do you expect me to feel after all the things you’re said to Mac, Mom? Magtatalon sa tuwa kasi pinahiya mo kami ng kaibigan ko?” Puno ng sarkasmo ang tinig nito.

“Sinabi ko ba? Siyempre di ko naman inaasahang matuwa ka, ano?” pasinghal ding sagot niya.

Hinayaan niyang magpaliwanag ito para mailabas ang nararamdaman. Iyon kasi ang hindi niya nagawa noon. Hindi siya noon binigyan ng pagkakataon ng mga magulang niya na makapagsalita.

“At kahit sabihin mo pa ay hindi ko gagawin dahil sira-ulo lang ang taong matutuwa sa ginawa mo.”

Napanganga siya sa sinabi nito. “At ano sa tingin mo ang ginawa mo? Hindi ba gawain ng mga sira-

ulo ang ginawa mong pakikipag-eyeball sa lalaking iyon? Nakipagkita ka sa taong nakilala mo lang sa Internet? My God, paano pala kung maniac iyon? Kung kidnapper iyon o di kaya ay serial killer?”

“Ano pa? May galis, may *AIDS* o kaya ay mangkukulam? Mom, isa lang din siyang estudyanteng tulad ko!” Ramdam niyang inis na inis na ang anak sa kanya.

Natigilan siya. Oo nga naman, estudyante nga lang ang binatilyo kasi naka-school uniform din ito kanina. Nagiging OA na nga ba siya?

Ah hindi, kailangan niyang bigyan ng katuwiran ang ginawa niya. “Hindi mo ba naisip na puwede kang mapahamak dahil sa ginawa mong iyon? Hindi mo pa siya kilala, nakipagkita ka sa kanyang mag-isa. Napakarami kong nababalitaang ganyan. Nire-rape at pinapatay ng ka-eyeball.”

“Kilala ko siya. Magtatatlong buwan na kaming magka-chat at kilalang-kilala ko na siya. Parehong lawyers ang parents niya at galing siya sa mabuting pamilya,” sagot nito.

“At dahil three months na kayong nagbobolahan sa net ng lalaking iyan ay in-assume mo na kakilala mo na nga siya? Naniniwala kang totoo lahat ng mga

sinasabi niya?” asik niya. “Hindi mo ba alam na halos walang totoo sa mga sinasabi ng mga taong nakikipag-chat? Diyan nga naglisaw ang mga manloloko. They can easily transform themselves into someone they’re not. Hindi ka ba nanonood ng balita?”

“Mac is not one of those, Mom. Everything he told me about himself is true,” pagtatanggol pa rin nito.

“Did he ever tell you na ang buhok niya ay parang buhok ni *Naruto* na nakatiwarik at mukha siyang tarsier sa laki ng mga mata niya? My God! That boy looked terrible. Pero ang mga mata mo kanina habang tinitingnan mo siya ay kumikislap. Ano ba’ng nakita mo sa lalaking iyon?”

“He’s interesting, Mom, and he’s nice!”

Nanikip ang dibdib niya sa narinig. “Pinapatay mo naman ako sa takot, Anak. Paano magiging interesting ang isang taong kamukha ni *Son Goku* at nuknukan pa ng bolero?” Naupo siya sa tabi ng anak at tinitigan ito.

Oo nga at dalaga na itong tingnan pero wala pa talaga itong muwang kung ano ba talaga ang interesting sa hindi. Dangan kasi ay mahilig itong manood ng Japanese animés kaya siguro nakyu-cute-

an ito sa lalaking malaki ang mata at nakatiwarik ang buhok.

“Anak naman, maganda ka kaya sana ay huwag kang magmadali. Huwag mong hayaang malahian tayo ng pangit.”

Nagbaga ang mga mata nito sa galit dahil sa sinabi niyang iyon. Mukhang napikon na ito nang husto sa kanya. “Wala ka palang pagkakaiba kina Lolo at Lola. Pareho lang pala kayo. Akala ko ba hindi ka kailanman magiging kagaya nila? Akala ko ba galit ka sa kanila dahil pinakialaman niya ang pakikipagmabutihan mo kay Daddy noon? Galit ka sa kanila dahil pilit nila kayong pinaghiwalay ni Daddy. Pareho lang pala kayo!”

“Hindi, ah!” mabilis na protesta niya. “Hindi kita ginamitan ng dahas gaya ng ginawa ng lolo at lola mo sa amin ng daddy mo. At saka iba iyong sitwasyon namin noon sa sitwasyon mo ngayon.”

“You were about my age that time, di ba, so what’s the difference? Why can’t you understand me now?” Umaapoy pa rin ang mga mata nito. “Don’t worry, I will never be like you!”

Ilang segundo siyang natigilan sa sinabi nito. Nasapo niya ang noo at nagsimulang kumirot ang

sentido niya. Ano ba ang dapat niyang sabihin dito?

“Okay.” Bumuga siya ng hininga at itinaas ang dalawang kamay bilang tanda ng pagsuko. “I’ve heard enough. Now, you listen to me, Sweetie. It’s not that I don’t trust you, you know I do. I just want you to be safe. Hindi ko kakayanin kung may masamang mangyari sa iyo kasi...” Gumaralgal ang tinig niya. “Mahal na mahal kita.” Hinaplos niya ang buhok nito. “You are my life and my everything.”

Nakita niyang nangilid ang luha nito sa narinig.

Yumakap ito sa kanya. “Kasi naman, Mom, paano ko ba ipapaintindi sa ’yo na iba na ang generation namin ngayon sa generation n’yo noon? Kung mabubuhay kami ng gaya ng kung paano kayo nabuhay noon ay magiging masyado na kaming katawa-tawa. Mapag-iiwanan kami ng panahon. We need to embrace change because that is the only permanent thing in this world. Imagine kung ang cellular phone na gagamitin ko ngayon ay gaya ng cellular phone na gamit mo noon na mukhang pangkuskos ng yelo, ano naman ang magiging hitsura ko?”

Hindi niya napigilang matawa sa sinabi nito. “Hindi, ah. 3210 na ang unang cellphone ko. Sa lolo mo iyong pangkuskos ng yelo.”

“Ipagmalaki ba talaga ang 3210?” Natawa na rin ang anak.

“O.A. na ba ako talaga?” kapagkuwan ay tanong niya rito.

“Hala, akala mo pala hindi pa?” Itinirik nito ang mga mata. “Mom, kung natatakot ka na magaya ako sa iyo ay hindi ko iyon gagawin. I promise you, I will finish my studies. Pero hindi nangangahulugan iyon na wala na akong magiging relasyon sa sinumang lalaki habang nag-aaral. Kahit bata pa kasi ako ay may puso pa rin naman ako, ano? Nakakaawa na kaya ang babaeng walang lovelife sa panahong ito.”

Natawa siya. May punto ito. Dapat lang siguro na maging mas matalino siya ngayon sa pagha-handle sa anak para hindi ito magrebelde na gaya ng ginawa niyang pagrerebelde noon sa kanyang mga magulang nang pigilan siya ng mga ito sa pakikipagmabutihan sa ama ni Jessie.

“I understand, Sweetie. Now, let’s make a deal. Kung gusto mo talaga si Mac ay papuntahin mo siya dito sa bahay at huwag kung saan-saan kayo nagkikita. Call me old-fashioned pero mas okay pa rin talaga kapag dito ka sa bahay pinupuntahan ng isang lalaki. At kung gusto ka niyang i-date ay ipagpapaalam ka niya sa akin para alam ko kung

nasaan kayo.”

Nakita niyang nangislap ang mga mata nito. “Talaga, Mom? Walang bawian iyan, ah.” Siniil siya nito ng halik sa pisngi. “I love you.” Tuwang-tuwa itong yumakap sa kanya.

Naka! Natuwa? Mukhang gusto talaga nito si *Naruto*?

“I love you too, Sweetie! You’re my life.” Niyakap niya ito.

Napatingala ito sa kanya. “I know, Mom.” Niyakap siya nito nang mahigpit.

Tinamad na siyang bumalik sa opisina. Nagbilin na lang si Sheena kay Angie kung ano ang dapat tapusing trabaho sa araw na iyon. Tiwala siya sa kakayahan ng assistant. Aminado siya na mas magaganda pa nga minsan ang ideas nito kaysa sa kanya. Mabuti at nasa kanya ang loyalty nito. Mag-best friends na kasi sila buhat pa noong college. Para na nga silang magkapatid.

Nagsuot siya ng swimsuit. May sarili siyang swimming pool sa bahay at magaling siyang lumangoy.

Ilang oras din siya sa tubig. Nakita niyang

lumapit sa pool ang anak. May dala itong bottled orange juice. Nakadama siya ng uhaw kaya umahon siya para makainom.

“You’re very pretty, Mom. You’re also very sexy,” puri ng anak sa kanya habang hinahagod ng tingin ang katawan niya.

“Huwag mo na akong bolahin. Matagal ko nang alam iyan, saka di ba nga pinayagan na kita kay Mac?” Kinuha niya ang towel at nagpunas ng katawan.

“I mean, bakit ayaw mong makipag-date?”

Natawa siya. Dinampot niya ang bote ng juice drink at matapos buksan ay itinungga ang laman niyon.

“Don’t laugh, Mom. I’m serious. You need a guy to love you and to take care of your needs.”

Nanlaki ang mga mata niya. “What needs?”

“Oh, come on. I know you know what I mean. I mean, sexual needs.”

Halos maibuga niya ang itinunggang juice. “Saan mo natututuhan ang mga iyan?” Nasalo niya ang dibdib.

“Sa Internet and I read a lot, Mom!” sagot nitong

ipinakita ang hawak nitong *Cosmopolitan Magazine*.
“Mom, I’m young but not innocent. I know you have needs.”

Namula ang pisngi niya. Nasorpresa siya sa sinabing iyon ni Jessie. “I can take care of those needs, Sweetie, kaya huwag mo nang problemahin iyon. Ang gusto kong problemahin mo ay ang pag-aaral mo. Huwag mo munang masyadong seryosohin si Mac dahil marami pang darating na mas higit pa sa kanya,” pag-iiba niya ng usapan.

“Mag-asawa ka na, Mom, at hindi ako kokontra. Mas mainam kung may lovelife ka para hindi ka ganyan ka-stiff,” pagbabalik nito sa binuksang usapan.

Muli siyang natawa. “Hayaan mo at magsisimula na akong maghanap ng prospects. Tama ka, sayang ang kagandahan at kaseksihan ko kung hindi ito pakikinabangan ng iba.” Pinisil niya ang ilong ng anak.

“Correct! How about Tito Calvin?” Tumingin ito sa kanya. “He may not be strikingly handsome but he is good-looking and mabait din naman.”

“You seem to like him for me.” Naupo siya sa tabi nito.

Tumango ito. “He’s sexy, Mom. Come on, bagay

kayo. Go out with him and enjoy your life. You're still young and you deserve to be happy.”

Napatitig siya rito. “May boyfriend ka na ba? Bakit parang ang dami mo nang alam?”

“Wala pa, ah!” tumatawang sagot nito. “Mahilig lang talaga akong magbasa kaya marami akong alam. Iba na ang mga bata ngayon, Mom. Nasa Internet na lahat ng sagot sa katanungan ng isang curious na katulad ko.”

“Ah.” Napatango si Sheena. Ingat na ingat siya sa kanyang anak pero heto pala at kung anu-ano na ang natutuhan nito mula sa Internet. Mabuti na lang pala at hinahayaan niyang masabi nito ang mga bagay na nasa isip nito kaya nagkaideya siya ngayon kung paano ito iha-handle. Minsan talaga, maganda rin sa magulang ang nakikinig.

“Huwag ka munang magbo-boyfriend ha? Enjoy-in mo muna ang pagiging bata. Minsan lang tayo bata so take your time, Sweetie. Don't grow up too fast.” Tumayo siya para muling bumalik sa pool.

“Pinagsisisihan mo ba na nagkaanak ka nang maaga, Mom?”

Napalingon siya kay Jessie. Tinitigan niya ito at nakita niyang tila naghihintay ito ng matinong sagot.

Naupo siya muli sa tabi nito. “Wala akong anumang pinagsisisihan sa pagdating mo sa buhay ko, Anak. Kung meron man akong gustong baguhin sa buhay ko ay hindi ikaw iyon.”

“Eh, ano iyon, Mommy?” naiintrigang tanong nito.

Napabuga siya ng hininga. Hinaplos niya ang mukha ng anak bago nagsalita. “Iyon sigurong naghintay ako nang ganito katagal para lang sa wala. Mukhang hindi ko na rin kayang hintayin pa ang pagbabalik ng daddy mo. Tama ka nga siguro, kailangan ko nang tumanggap ng ibang lalaki sa buhay ko at panahon na rin siguro para lumigaya akong muli.”

Naramdaman niyang niyakap siya nang mahigpit ng anak niya. “It’s not yet too late for you. Stop hoping that Daddy will come back and marry you. I know you still love him pero baka may asawa na rin iyon ngayon. Ang tagal na kaya.”

Tumango siya bagaman lumalaban pa rin ang loob niya. Siguro nga ay tama ito. Dapat tigilan na niya ang pag-asang babalikan pa siya ni Gabriel.

“You mean, okay na sa iyo si Calvin? Sasagutin ko na?” pabirong tanong niya.

Bakit Ikaw Pa Rin? - Charisse Pamela

Ngumiti si Jessie at yumakap muli sa ina nang mahigpit. “So okay, Mom! Go, Mom, go get him.”

“Okay, sinabi mo, eh.”

Gayunpaman nakaramdam siya ng kakaibang kabog sa dibdib. Bakit may bahagi ng puso niya ang tila tumututol sa suggestion na iyon?

3

Ilang beses nang nagpalit ng damit si Sheena sa kapipili kung ano ba ang dapat niyang isuot.

Niyaya siya ni Calvin sa birthday party ng isa sa mga katrabaho nito na gaganapin sa resort ng mga magulang ng binata. Gusto niyang maging maganda sa paningin ni Calvin, yaman din lamang at nais na niyang iakyat sa next level ang kanilang relasyon. Nakikita niyang isa itong magandang pagkakataon para iparamdam dito na handa na siyang ibigin ito ngayon.

Ngayong gabi nga ay kailangan na niyang palayain ang sarili mula sa matagal na pagkakabilanggo sa pag-ibig ni Gabriel. Tama na siguro ang labing-apat na taong paghihintay at si Calvin nga ang napagpasyahan nilang mag-ina upang ipalit sa kanyang dating nobyo. Hindi na siguro siya masisisi ng tatay ni Jessie kung nagpasya na siyang umibig sa iba lalo pa't napakabait ni Calvin sa kanya. Guwapo rin ito at isang sikat na chef na may sariling TV program. Ang isa pang ginusto niya rito ay tanggap nito ang kanyang nakaraan; tanggap nito ang kanyang anak.

Sila ang nag-design sa hotel and resort na pag-

aari ng mga magulang ng binata. Nang magpatayo rin ito ng sariling hotel and resort ay ang serbisyo muli nila ang kinuha nito upang i-design iyon. Masipag itong mag-refer sa mga kakilala kaya dumami ang clients nila sa firm. Marami itong kilalang sikat na mga celebrities kaya malaking tulong din ang influence nito sa kanyang firm.

Unang kita pa lang sa kanya ni Calvin noon ay naramdaman niyang nagka-crush ito sa kanya. Hindi na nito maialis ang mga mata sa kanya at nagpakita kaagad ng malaking interes.

Buhat nga noon ay madalas na ito sa kanilang bahay. Madalas siyang ipagluto nito kaya maging si Jessie ay botong-boto rito. Nakita niya kung paano nagtiyaga ang binata gayong tinapat na niya ito na hanggang magkaibigan lang talaga sila. Hindi pa kasi siya handa noon na palitan si Gabriel sa puso niya. Nakita niyang inunawa siya nito.

Pero gaya nga ng sinabi ng kanyang anak na kailangan na niyang magkaroon ng karelasyong lalaki para may mag-aalaga sa kanya. Tama! Si Calvin ang napili ng anak niya at alam niyang magiging mabuti itong asawa sa kanya.

Halos malaglag ang panga ni Calvin nang makita siya sa suot niyang black backless dress. Kitang-kita ang hubog ng katawan niya dahil humahapit sa katawan niya ang malambot na tela ng kanyang damit. The dress was not too revealing but was just enough to show her perfect curves.

“Wow!” Iyon ang bukod tanging nasabi nito na nakapagpataba naman sa kanyang puso.

Hanggang sa makarating sila sa resort ay panay ang tingin ni Calvin sa kanya. Talagang ipinaramdam nitong hangang-hanga ito sa kanyang kagandahan.

Nang makarating sila sa party ay naramdaman niyang talagang proud si Calvin sa kanya. Kahit maraming kilalang personalities na bisita sa pagtitipong iyon, mga artista na katrabaho nito sa TV network ay aware siya na isa siya sa mga naging head-turners sa pagtitipong iyon.

“You’re the most beautiful girl for me, Sheena,” nakangiting sabi ni Calvin sa kanya habang nagsasayaw sila.

“Oh, yeah?” she said. She loved hearing that.

“Yes, you look incredibly sexy on that dress,” bulong nito sa kanyang tainga.

“I’m glad you like it.”

He smiled. “The truth is, I like you even more tonight.”

She flashed him a shy smile. “Are you expecting me to like you, too?”

Tila nagliwanag ang mukha nito. “You like me too, don’t you?”

“Of course, I do. We’ve been friends for years.” Kinindatan niya ito para madisimula ang excitement na kanyang nadama.

His brown eyes grew darker, more intense as he watched her as if she was the only person in the world. “We can be more than that, can’t we?”

Tumawa siya. “What do you think?” balik niya. “Will you be happy to have me, Calvin?”

He answered her with excitement. “Of course, I’ve been dreaming of having you for so long, Sheena.” Hinila siya nito palapit. “Wanna make that dream come true tonight?”

She looked up and smiled. “Do you really love me, Calvin?”

Instantaneous ang sagot nito. “You know I do. I

love you, Sheena. How I wish you could love me, too.” Hinaplos ng daliri nito ang mukha niya.

Nakaramdam siya bigla ng pagbigat ng dibdib niya at sa hindi niya malamang kadahilanan ay parang may lumalaban sa kanyang kalooban gayong nadala na niya ang usapan sa nais niyang kapuntahan nito. Nahigit niya ang kanyang hininga.

“Sheena, I love you,” muli nitong bulong sa tainga niya.

Napatingala siya rito. Nais niyang supilin ang paglaban ng kanyang kalooban. Nais na niyang makawala sa kanyang nakaraan. She was about to say ‘I love you, too’ but she couldn’t do it. Lalo pa siyang nataranta nang ibang mukha ang nakita niya na kasayaw niya. “Gabriel?”

Mukha ng ex-boyfriend ang nakikita niya at hindi kay Calvin. Ano bang kababalaghan ito? Ganito na ba kalakas ang imagination niya?

Nagsalubong ang mga kilay ng kaharap. Halatang na-disappoint ito nang banggitin niya ang pangalang iyon. Hindi lingid dito ang kanyang kasaysayan at alam nitong iyon ang pangalan ng ama ni Jessie.

Bigla niyang naitulak palayo sa katawan niya si Calvin. Ilang beses niyang iniling ang ulo niya bago

nakitang muli ang mukha ng kasama. Nasapo niya ang sariling noo.

“Hindi mo talaga malimutan si Gabriel, ano?”
Hindi nito maitago ang sakit na nadarama.

Napangiwi siya. “I’m sorry, C-Calvin. S-si G-Gabriel ang...” Kandautal siya sa hiya. Alam niyang nasaktan ito.

Pinutol na nito ang sasabihin niya. “It’s okay. Naiintindihan kita. Magkaibigan pa rin tayo at pipilitin kong intindihin ka. Mahal mo talaga si Gabriel at kailangan ko na sigurong tanggapin iyon.”
Ngumiti ito nang pilit.

Napangiwi siya. Tila sumuko na si Calvin sa kanya. Tila tanggap na nitong magkaibigan na lang sila.

I hate you, Gabriel! Please leave me alone!

Hindi na siya nag-effort pang magpaliwanag dahil nagmumukha lang siyang tanga dahil hindi niya mahagilap ang tamang salita para ipaliwanag ang nangyari.

Biling-baliktad si Sheena sa kama. Oo, may sumpaang sila ni Gabriel noon na wala silang ibang

mamahalin maliban sa isa't isa pero noon pa iyon. Labing-apat na taon na ang nakararaan at malapit nang mawala sa kalendaryo ang kanyang edad. Malapit na ring mangalawang ang mga joints niya kaya kailangan na niya itong ma-exercise. Kulang na siya sa practice.

Ay, ano ba, Gabriel! Kung di mo na rin lang naman ako babalikan ay susmaryosep naman, pakawalan mo na ako! Nakasubsob ang ulo niya sa unan habang kumakawag ang mga paa niya na parang lumalangoy sa kanyang kama. Naiinis siya sa sarili. Gusto na niya si Calvin pero bakit parang ayaw pumayag ni Gabriel na umibig siya ng iba?

Si Gabriel ba ang ayaw pumayag o ang kanyang puso?

Ganoon din kaya ang lalaking iyon? Nanatili rin kaya itong tapat sa sumpaang nila?

Nasaan na nga kaya ito ngayon? May pag-asa pa bang magkita pa silang muli nito? Guwapo pa rin kaya ito gaya ng dati? Sigurado siyang mabait pa rin ito at mapagmahal dahil iyon ang katangian nito na labis niyang minahal. Napakalambing pa nito sa kanya. Paano nga naman niya makakalimutan ang kanyang first and only love?

Masikap sa pag-aaral si Gabriel kahit anak-mahirap lang ito. Alam niyang malayo rin ang mararating nito sa buhay dahil mataas din naman ang pangarap nito. Scholar noon si Gabriel sa kanilang school dahil sa natatanging katalinuhan nito. Nais nitong maging isang Civil Engineer. Sayang nga lamang at hindi na niya nalaman kung nagkaroon ng katuparan ang mga pangarap na iyon ni Gabriel. Wala na nga siyang balita tungkol dito.

Ang pamilya naman niya ay isa sa pinakamaimpluwensya at pinakamayaman sa kanilang bayan. Mayor ang mama niya, congressman ang kanyang papa at ang lolo niya ang governor.

Kaya nang malaman ng mga ito ang kanyang relasyon sa binata ay agad na kumontra ang mga magulang niya. Nag-iisa siyang anak at ayaw ng mga ito na katulad lang ni Gabriel ang mapapangasawa niya.

Ngunit hindi natuturuan ang puso, kaya kahit pinagbawalan na siya ng papa niya sa pakikipagrelasyon dito ay palihim pa rin silang nagkikita.

Mahal na mahal niya si Gabriel kaya nang makahanap siya ng pagkakataon ay tumakas siya at sumama rito na magtanan.

Sa tulong ng isang kaibigan, nagawa nilang magtanan. Walang nakatira sa resthouse ng pamilya nito kaya ipinahiram sa kanila ang bahay at doon sila nagtago sa loob ng ilang araw.

Tatlong araw na ligaya sa piling ni Gabriel bago sila natunton ng mga magulang. Halos patayin ng mga tauhan ng kanyang ama ang nobyo nang matagpuan silang magkasama. Kung hindi pa niya iniharang ang sarili niya ay baka napatay ng mga ito ang binata.

Awang-awa siya sa sinapit ng kasintahan. Naramdaman nito ang bagsik ng parusa ng mga magulang niya dahil sa ginawa nitong pakikialam sa kanya.

Napagbuhatan din siya ng kamay ng magulang sa unang pagkakataon dahil sa galit nang malaman nitong ipinagkaloob niya ang sarili niya sa nobyo. Agad nagdesisyon ang mga ito na dalhin siya sa Maynila.

Hindi na nga siya nakapagpaalam kay Gabriel dahil hindi na siya binigyan ng pagkakataon ng kanyang mga magulang na gawin iyon. Dinala siya sa Maynila at bantay-sarado siya ng mga tauhan ng kanyang ama. Ni hindi siya nakalabas ng bahay nang walang bodyguard. Ni walang linya ng telepono

sa kanyang tinitirhang bahay; walang paraan para malaman niya kung ano na ang nangyari kay Gabriel. Daig pa niya ang bilanggo.

Sana lang ay nakinig ang ama sa kanyang pakiusap na huwag nang saktan si Gabriel.

Nagbunga ang tatlong araw nilang pulot-gata at hindi niya pinagsisihan iyon. Masaya siya na nagkabunga ang kanilang pag-iibigan. Ang ikinalulungkot niya lang ay hindi man lang niya iyon naipaalam kay Gabriel.

Pero hindi kailanman nawala sa isip at puso niya ang lalaki. Kaya hindi siya sigurado kung kakayanin niya ba talagang palitan ito sa kanyang puso.

Ang ikinatatakot niya pa ay baka maging unfair masyado kay Calvin kung paaasahin niya ito gayung ang totoo ay si Gabriel pa rin talaga ang mahal niya.

Nagising si Sheena sa tunog ng kanyang sasakyan. Kumabog ang dibdib niya. Baka pinakialaman ito ng kanyang anak. Mula noong maturuan niya itong mag-drive ay kating-kati na itong makahawak ng manibela. Hindi pa niya ito pinapayagang magmanehong mag-isa dahil wala pa itong lisensya. Masyado pa itong bata para magkaroon ng driver's license. Isa pa,

hindi ito ganoon kabihasa sa mga traffic rules and regulations. Ang alam lang nito ay magpatakbo kaya hindi niya talaga ito ini-encourage na gamitin ang sasakyan niya lalo pa at nag-iisa ito.

Malakas ang kutob niyang itatakas nito ang kotse at mangangahas magmanehong mag-isa, kaya nagmadali siyang lumabas ng kuwarto at mabilis na tinungo ang garahe.

Palabas na sa gate ang kotse. Naroon si Menchie na nakikiusap kay Jessie na huwag ilabas ang sasakyan pero talagang matigas ang ulo ng anak niya. Masyado itong curious at lahat ay gustong subukan.

“Stop the car, Jessie!” sigaw niya ngunit imbis na tumigil ay minadali pa nito ang paglabas ng kanyang kotse sa garahe at humarurot palayo sa kanilang bahay.

Hinabol niya ito hanggang sa labas ng gate pero hindi na niya ito inabutan. Kumabog ang dibdib niya sa ginawa ng anak.

“Saan daw pupunta iyon?” galit na galit na tanong niya kay Menchie.

“Mag-ikot lang daw sa subdivision, Ate. Pinigil ko ayaw naman papigil,” nayayamot ding sagot nito sa matigas na Visayan accent.

Natapik niya ang noo niya habang tinatanaw ang paliko na sa kantong sasakyan niya. Kung bakit kasi pinangakuan ito ng papa niya na bibilhan ng sariling kotse at kukuhanan ng lisensya oras na matutong magmaneho. Hayan tuloy, ayaw nang paawat sa pagprapraktis mag-drive.

Alam niyang kayang gawin ng ama na pagawan ito ng lisensya kahit menor de edad pa lang ito dahil sa lawak ng koneksyon nito. Ang inaayawan niya ay ang pang-i-spoil ng mga ito sa anak niya, porke nag-iisa itong apo. Lahat ng hingin ni Jessie ay ibinibigay ng mga magulang niya at hindi na rin ito nakakabuti para sa bata dahil napapansin niyang tumitigas na talaga ang ulo nito.

Natigilan siya nang may dumaang kotse sa tapat ng kanyang kinatatayuan. Halos mapalipit ang leeg ng driver sa paglingon sa kanya. Bigla siyang napatingin sa suot niya. Nakapantulog pa pala siya. Yari sa satin at spaghetti-strapped ang pang-itaas niya at mababa ang neckline kaya kita ang kanyang cleavage. Maikli rin ang shorts kaya naka-display ang makikinis niyang legs.

“O, syet!” sabi ni Menchie na tila ngayon lang din napansin ang kanyang hitsura.

Mabilis niyang niyakap ang sarili at patakpong

pumasok sa loob ng kanilang bahay.

Buwisit na buwisit siya sa anak. Bakit ba habang lumalaki ito ay humihirap itong disiplinahin? Mabuti pa noong maliit pa lang ito, napapasunod niya ito sa kanyang gusto. Ngayon ay matigas na ang ulo nito.

“Sabagay, Ate, sandali lang iyon. Mayamaya lang ay nandito na iyon.” Si Menchie na nakasunod sa likuran niya.

“You mean, laging ginagawa ito ni Jessie?” Umalsa bigla ang boses niya.

“Pag tulog ka pa o di naman kaya ay tulog ka na,” sagot nitong nagkakamot.

“Bakit di mo agad sinabi sa akin?” Natapik niyang muli ang kanyang noo.

“Hindi ka naman po nagtanong.”

Bumuka ang bibig niya pero walang lumabas na salita. Hindi niya alam kung ano ang dapat niyang sabihin dito. Ayaw naman niyang sisantehin si Menchie dahil mapagkakatiwalaan ito at maayos sa trabahong-bahay. Kapamilya na nga ang turing niya rito.

Muli niyang isinara ang kanyang bibig at nagtungo siya sa silid. Mayamaya nga siguro ay

Bakit Ikaw Pa Rin? - Charisse Pamela

babalik din ang dalagita kasi may klase pa ito ng alas ocho. Alas seis na at sigurado siyang ayaw rin nitong ma-late sa pagpasok sa eskuwela.

Pumasok na lang siya sa kuwarto niya para makapaggayak papasok sa opisina.